## INTERNATIONAL NAPASA ( October 21, 2025 )

### 1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa October 19 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***KYOTO SANKA FC.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

### 2) UKOL SA IBRENG KONSULTASYONG LEGAL SA IBA'T-IBANG WIKA

多言語での無料の法律相談のお知らせ

Ang Hoterasu ay nagbibigay ng konsultasyon legal sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa iba't-ibang wika. Eto ay libreng pagpapayo ukol sa paghihiram ng pera, paghihiwalay ng mag-asawa, ukol sa mga manggagawa, aksidente, kalamidad at iba pa. Ang mga wika sa pagpapayo ay Japanese, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, tagalog, wika ng Nepal, Thailand, Indonesia at iba pa.Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0570-0783-77 ( 00783-77 )**.Eto ay mula Lunes hanggang Biyernes, tuwing 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

### 3)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG NOBYEMBRE

11月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, YOGA, CORE CONDITIONING EXERCISE, TABLE TENNIS*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa October 15 (Wednesday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.

### 4)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa October 15 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Aki o kanjiru Concert"*** mula sa Koto utabiano Group, at mula 2:00 ng hapon ay isasagawa naman ang

***"France Ongaku no Shirabe".*** mula kay Noujou Takahiro.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 5)UKOL SA PAG-EEKSAMIN NG BREAST CANCER SA ARAW NG LINGGO

日曜日の乳がんの検査のお知らせ

Sa October 26 (Sunday) ay magkakaroon ng "***BREAST CANCER EXAMINATION"*** sa Shimin Byouin sa Hiratsuka City. Ang oras ay mula 9:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali. Tatanggapin ang hanggang 26 na taong naunang dumating. Ang bayad ay ¥10,400. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***MEDICAL AFFAIRS DIVISION (IJI KA ).*** Telephone No. **0463-32-0015 (0463-32--0015).**